

Ang Mangangasong Si Dangkaw



May isang mangangaso na nakatira malapit sa bundok. Siya si Dangkaw. Tanyag siya dahil magaling siyang mangaso ng iba't ibang hayop sa bundok. Walang makapapantay sa dami ng kanyang mga nahuhuli.


Isang araw, maagang gumising si Dangkaw para mangaso. Inihanda niya ang patibong at doo'y matiyagang naghintay ng maliligaw na hayop. Di nagtagal ay may nakita siya.


"Sadyang mapalad ako. Malaki na naman ang aking maiuwi," bulong niya.

Dahan-dahang nagtago si Dangkaw sa likod ng isang malaking puno para di mabulabog ang nahuling hayop.

"Salamat sa Diyos! Isang linggo na naming ulam ito." Masayang tugon niya sa sarili.

Nang kukunin na ang nahuli, biglang lumitaw ang napakagandang diwata. Nagulat at natakot si Dangkaw.





“Di mo ba alam na ako ang tagapangalaga ng hayop na iyong nahuli?” galit na galit na sinabi ng diwata.

“Naku, di ko alam. Patawad po,” sagot ni Dangkaw.

“Parurusahan kita sa nagawa mo, Dangkaw. Mula ngayon, titira ka na dito sa gubat. Ikaw ang magiging tagapangalaga ng mga hayop,” ang sabi ng diwata sa kanya.

Wala siyang nagawa kundi ang sundin ang nais ng diwata.

Mula noon, di na nakauwi si Dangkaw sa kanila. Hindi na siya nakaalis sa gubat. Doon na siya nanirahan kasama ang diwata. Sila na ang naging tagapamahala ng mga nilalang sa gubat. Naniniwala ang mga tao na ang sino mang mangaso sa gubat ay makaririnig ng malakas na tinig. Hudyat ito na wala silang mahuhuling hayop sa gubat. Hanggang ngayon, naniniwala ang mga tao na si Dangkaw ay nakatira pa rin sa gubat bilang tagapamahala at tagabantay dito.